Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS 3
(USLeM)

# FILIPINO
## Ikaapat na Markahan – Modyul 6


MGA BUMUO NG MODYUL

Manunulat: JOY T. TATAD
Tagaguhit: JENELLYN VEDASTO
Mga Tagasuri ng Nilalaman: RHODELLA V. RAMIREZ
ELMER D. ORDANIEL
Tagasuri sa Wika: RHODONA V. TUGNA
PERLIE O. SABANG
Tagapamahala:
DR. **MALCOLM S. GARMA**, Regional Director-NCR
DR. **MARGARITO B. MATRUM**, Schools Division Superintendent
**DR. GEORGE O. TIZON,** SGOD Chief
DR. **ELLERY G. QUINTIA**, CID Chief
DR. **MA. GLORIA G. TAMAYO**, Regional EPS-Filipino
DR. **JENNIFER RAMA**, Division EPS-Filipino
DR. **DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Supervisor
**DR. DAISY L. MATAAC**, Division LR Supervisor/ALS
DR.**NANCY C MABUNGA**, Regional Librarian


(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

| **ARALIN 6** | **Mungkahing Solusyon, Naibibigay Mahalagang Detalya, Natutukoy** |
|---|---|

## INAASAHAN

*Sa pagtatapos ng aralin, inaasahang:*

- Nakapagbibigay ng mungkahing solusyon sa suliraning nabasa sa isang teksto o napanood. **(F3PB-IVh-13)**
- Natutukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang narinig. **(F3PN-IVi-16)**

## UNANG PAGSUBOK

Handa ka na ba sa bagong aralin natin?

**Panuto:** Basahin ang tekstong nasa ibaba at magbigay ng iyong mungkahing solusyon sa problemang ito. Tukuyin ang ibang detalye tungkol sa iyong binasa.

Tuwing umuulan ng malakas ang Barangay Maligay ay nakakaranas ng pagbabaha. Umaapaw ang tubig sa kanal kaya nagkakaroon ng pagbaha sa kalsada. Maraming residente ang nagrereklamo sa problemang ito. Idinulog narin nila ito sa kanilang barangay upang mabigyan nang agarang solusyon.

Tanong:

1. Para sa iyo ano ang maibibigay mong solusyon sa problemang ito?
   a. ______________________________
   b. ______________________________
   c. ______________________________



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

2. Ano ang dapat gawin ng mga residente ng barangay?
   ___________________________________________________

3. Paano ka makakatulong sa iyong barangay?
   ___________________________________________________

## BALIK-TANAW

Muli nating balikan ang ating nakaraang aralin upang manatili ito sa ating isipan.

**Panuto**: Tukuyin ang mga tambalang salita na nananatili ang kahulugan. Lagyan ng tsek (/) ang patlang bago ang bilang.

_____ 1. bahaghari
_____ 2. sulat- kamay
_____ 3. silid-aralan
_____ 4. tubig-dagat
_____ 5. anak-pawis

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

**A**lam mo ba?

Sa panahon ngayon, maraming pagbabagong nangyayari sa ating kapaligiran at kaakibat ng mga pagbabagong ito ay ang mga suliraning kinahaharap natin sa ngayon. Pero tandaan nating sa bawat suliranin o problema ay may katumbas na solusyon.



Iginuhit ni J. Vedasto

Masdang mabuti ang larawan.

Sa iyong palagay, ano ang mensahe ng larawang ito?

Nais mo rin bang maging katulad niya?

Sa puntong ito, basahin mong mabuti ang maikling kuwento at alamin kung bakit nakatutulong sa atin ang teknolohiya.



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

## Kabataan Noon at Ngayon

*Ni Joy T. Tatad*

Sina Michelle at Kathlyn ay matalik na magkaibigan. Madalas silang magkasama at nagkukuwentuhan. Minsan napag-usapan nila ang tungkol sa mga kabataan noon at ngayon. "Mitch, alam mo bang mas maganda ang mga laro nang kabataan noon? Tanong ni Kathlyn sa kanyang kaibigan. "Oo naman, mas mainam sa kalusugan ng bata ang laro natin noon" wika naman ni Michelle. Ang mga larong sipa, luksong tinik, patentiro at tubang preso ay ilan sa mga larong kabataan noon.

"Ano naman ang napapansin mo sa mga kabataan natin ngayon?" tanong ni Kathlyn. "Para sa akin bagamat malaki ang naitulong nang teknolohiya sa ating kabataan ngayon marami din naman itong masamang naidudulot. Isa na dito ang paglabo ng kanilang mga mata", ang sabi ni Michelle.

Patuloy na nag-usap ang magkaibigan tungkol sa mga kabataan natin noon at ngayon. Maraming pagbabago lalo na sa kaugalian ng kabataan natin.

Sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa patlang.

1. Tungkol saan ang binasa mong teksto?
   ______________________________________________
2. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento? Ilarawan mo siya.
   ______________________________________________
3. Ano-ano ang ginawa niya sa kuwento? Tama ba ang mga ito? Bakit?
   ______________________________________________
4. Magbigay ng mungkahing solusyon upang maiwasan ng mga kabataan ang paglabo ng kanilang mata?
   ______________________________________________
5. Para sa iyo, ano ang dapat gawin ng isang batang katulad mo sa panahon ngayon upang hindi tayo masyadong ma *ex-pose* sa *gadget*?
   ______________________________________________



(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

## GAWAIN 1

**Panuto**: Basahing mabuti ang talata at alamin ang mahahalagang detalye. Bilugan ang letra ng tamang sagot ayon sa hinihingi ng mga tanong.

Ang teknolohiya ay napakahalaga sa panahon ngayon ngunit kung ito ay hindi gagamitin sa tama ito ay maaaring magdulot ng masama sa kalusugan ng isang mag-aaral. Lahat naman ng bagay sa ating kapaligiran ay masama kung sobra at hindi tama ang paggamit nito. Mahalaga ang gabay ng mga magulang sa paggamit ng teknolohiya ng mga bata. Dapat ipaalam sa kanila kung bakit kailangang limitahan ang paggamit nito. Maaaring lumabo ang kanilang mga mata kapag masyado silang magbabad sa kanilang *cellphone*. Maganda rin naman na ang isang mag-aaral ay gumamit ng teknolohiya lalo na sa kaniyang pag-aaral. Para sa ating pag-aaral, gumagamit tayo ng mga *gadgets* sa *Online classes*.

1. Tungkol saan ang talatang iyong binasa?
   A. mabuti at hindi mabuting epekto ng teknolohiya sa kalusugan
   B. paggamit ng *cellphone* ngayong *new normal*
   C. pagbabawal sa paggamit ng teknolohiya
   D. teknolohiya sa panahon ngayon

2. Sino ang dapat gumabay sa mga bata sa paggamit ng teknolohiya?
   A. mga nasa pamahalaan C. mga kaibigan
   B. mga magulang D. mga kaklase
3. Ano ang magandang naidudulot sa atin nang teknolohiya?
   A. nakakatulong ito upang mas lumawak ang ating kaalaman
   B. napapadali ang mga gawaing bahay
   C. natutong gumamit ng makina
   D. marami ang napapanood



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

4. Ang sumusunod ay masamang epekto ng teknolohiya sa kalusugan **maliban** sa isa. Alin ito?
   A. palaging puyat
   B. paglabo ng mata
   C. walang ganang kumain
   D. pagtaas ng bayarin sa koryente

5. Bakit kailangang tama ang paggamit ng teknolohiya?
   A. Hindi ito masisira.
   B. Hindi tayo magkakasakit.
   C. Hindi tayo magkakamali
   D. Hindi tayo lumalagpas sa itinakdang oras.

## GAWAIN 2

**Panuto**: Basahing mabuti ang talata at isulat sa loob ng kahon ang iyong mungkahi o solusyon sa suliraning nabasa.

Maraming kabataan ang hindi makalabas ng bahay sa ngayon. Hindi sila makapunta ng *mall*. Limitado ang kanilang paglalaro. Walang mga kaibigan na nakakasama.

Bilang isang batang katulad mo na hindi rin makalabas ng bahay ano ang mungkahing solusyon mo upang maiwasan ang kanilang pagkabagot sa loob ng bahay.



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

## TANDAAN

Ang **suliranin** ay anomang problema o isyung nangangailangan ng kalutasan. Sa kuwento, ito ay ang kinakaharap na problema ng tauhan at madalas ito ay nasa kalagitnaan.

Ang **solusyon** o **mungkahi** naman ay ang kasagutan sa isang suliranin. Madalas itong natatagpuan sa katapusan ng kuwento.

Ang mahahalagang detalye ay nakatutulong upang masagot ang mga tanong sa napakinggan o nabasang teksto.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

- Natutuhan ko sa araling ito na ang suliranin ay ______________________________________________ ______________________________________________
- ____________________ naman ay ang kasagutan sa isang suliranin. Madalas itong matatagpuan sa katapusan ng kuwento.
- Ang ___________________ ay nakatutulong upang masagot ang mga tanong sa napakinggan o nabasang teksto.



(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

Muli nating subukin ang iyong natutuhan sa araling ito.

**Panuto:** Basahin ang maikling kuwento at sagutan ang mga tanong. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

Araw ng Sabado, maagang nagising si Pia na may ngiti sa kaniyang mga labi. Agad siyang nagdasal at iniligpit ang kaniyang higaan. Nakita niya ang kaniyang Nanay Karen na nagluluto ng kakanin habang ang kaniyang Tatay Paul ay abala sa paghahanda ng mga dalahin. Masayang-masaya si Pia dahil ito ang araw ng kanilang pagbakasyon sa Baguio. Ito ang kaniyang unang pagkakataong makarating dito kaya ganoon na lamang ang kaniyang kasiyahan. Tinulungan niya ang kaniyang nanay sa pagluluto ng kanilang baon. Matapos makapaghanda ay agad silang bumiyahe papuntang Baguio. Habang binabagtas nila ang kahabaan ng Maynila papuntang Baguio, nakita ni Pia ang mga batang nanlilimos sa kalye kaya naitanong niya sa kaniyang nanay, "Inay, bakit po sila nasa kalsada, hindi po ba delikado diyan?". "Oo anak, sobrang delikado ang kanilang mga ginagawa," sagot ng kaniyang nanay.

"Bakit po sila nanghihingi ng pera? Wala po silang mga magulang?" tanong na muli ni Pia sa kaniyang nanay. "Wala kasi silang mga magulang kaya palaboy-laboy sila sa lansangan. Kaya masuwerte ka anak dahil nandito kami ng tatay mo na nag-aalaga sa iyo," paliwanag ng kaniyang ina. "Maraming salamat po inay, sa inyong pagmamahal at pag-aaruga sa akin".


(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

1. Tungkol saan ang binasa mong kuwento?
   A. pagbakasyon ng pamilya ni Pia sa Baguio
   B. mga napansin ni Pia sa daan
   C. masayang paggising ni Pia
   D. mga baon nila sa biyahe

2. Sino ang bata sa kuwento?
   A. Pia B. Ana C. Leah D. Mia

3. Ano ang problemang nakita ni Pia sa daan ?
   A. Ang traffic sa daan
   B. Ang mga sirang-sira daan
   C. Ang mga basurang nakakalat
   D. Ang mga batang nanghihingi ng limos sa kalye

4. Kung ikaw ang tatanungin, ano ang iyong gagawin sa tuwing ikaw ay makakikita ng batang namamalimos sa kalye?
   A. Hayaan lang ito
   B. Huwag ipagtabuyan
   C. Bibigyan ng pera o pagkain
   D. Tulungan kung may pera ka

5. Sa iyong palagay, ano ang dapat gawin sa mga batang palaboy sa lansangan?
   A. Dalhin sa bahay-ampunan o *DSWD*.
   B. Pagsabihan na delikado ang ginagawa nila.
   C. Pauwiin sa probinsiya para doon sila mamuhay.
   D. Bigyan ng makakain at damit dahil wala silang pamilya.



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

## SANGGUNIAN

- Batang Pinoy Ako
  Batayang aklat sa Filipino 3

## SUSI SA PAGWAWASTO

| Unang Pagsubok (answer may vary) | BALIK TANAW | Huling pagsubok Gawain 1 | Gawain 1 |
|---|---|---|---|
| | 1. | 1.A | 1.A |
| | 2. / | 2. B | 2.A |
| | 3. / | 3. A | 3.D |
| | 4. / | 4. C | 4.C |
| | 5. | 5. B | 5.A |

GAWAIN 2

answer may vary



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**